# Tuloy Ka BEYBI

MGA TUGMANG INIHANDOG NG
EDMONTON PUBLIC LIBRARY






EDMONTON CATHOLIC SCHOOLS

Ang Tagalog bersyon ng buklet na ito ay ginawa posibleng salamat sa mapagkaloob donasyon ng mga serbisyo sa pagsasalin sa pamamagitan ng Edmonton Katoliko School.

magbasa. magsalita. maglaro.
MAAGANG PAG-AARAL SA **EPL**

epl.ca EDMONTON PUBLIC LIBRARY
**Spread the words.**



# MAAGANG PAG-AARAL

**Ang aklat na ito ay pag-aari ni:**

____________________________________________

Ang aming **pagbati** sa pagkakaroon ninyo ng libreng kard pang-aklatan para sa inyong anak! Nais ng Edmonton Public Library (EPL) na tulungan kayong magsaya kasama ng inyong anak at gumawa ng pundasyon para sa pagmamahal sa pagbabasa.

Ang mga tugmang ito ay hindi lamang makapagpapagalak sa inyong sanggol at makakadagdag sa espesyal na pagtitinginan, ngunit ito ay makakapagpalago din ng mga kakayahan sa Maagang Pag-aaral – mga blokeng magiging haligi sa pagpapalago ng kaalaman sa wika.

Ang Maagang Pag-aaral ay ang lahat ng nalalaman ng mga bata tungkol sa pagbabasa at pagsusulat bago sila makapagbasa at makapagsulat. Ang maagang mga kasanayan sa pag-aaral ay mahalaga para sa pag-unlad sa hinaharap, kaya natulungan na ninyo ang inyong anak sa pamamagitan ng pagkuha ng kard pang-aklatan at libritong ito. Ang pagbabasa at pagtutugma na kasama ang inyong sanggol ngayon ay tutulong sa kanya habang buhay.

May mga karagdagan pang impormasyon tungkol sa Maagang Pag-aaral sa likod ng libritong ito. Magkaroon ng oras para pag-aralan at makita kung papaano makakatulong ang Edmonton Public Library sa inyo at sa sanggol ninyo.

**Para sa madaling patnubay, naririto ang 6 na mga kakayahan sa Maagang Pag-aaral:**

**Nalalaman Natin ang mga Salita!** *Ang Bukabularyo* ay pag-alam sa mga pangalan ng mga bagay.

**Gusto Natin ang mga Aklat!** *Ang Udyok sa Pagsusulat* ay isang hilig at pagkatuwa sa mga aklat.

**Nakakapag-istorya Tayo!** Ang mga *Kakayahan sa Pagsasalaysay* ay ang abilidad na mailarawan ang mga pangyayari, makapag-istorya at maunawaan kung papaano nagtratrabaho ang mga ito.

**Nakikita Natin ang mga Salita!** Ang *Kaalaman sa Letra* ay pagpansin sa mga nakasulat, pag-alam na ang pagsusulat ay makahulugan at pag-alam kung papaano hahawakan ang isang aklat at pagsunod sa mga salita sa pahina.

**Naririnig Natin ang mga Salita!** Ang *kabatiran sa Ponetika* ay ang kakayahang makinig at maglaro sa mga maliliit na tunog ng mga salita.




Matuto ng lubos sa **www.epl.ca/readtalkplay**

Kausapin ang inyong sanggol! Tanungin siya, at kung siya ay ngumangawa, ituring ito na isang kasagutan at tugunin!

# MGA TUGMA AT AWIT

## Tigidig, Tigidig Umuugoy na Kabayo

Tigidig, tigidig
(Buhatin ang isang tuhod paulit-ulit)

Doon sa parang, pumunta tayo
Tigidig, tigidig umuugoy na kabayo

Bilisan mo, bilisan mo!
(Dalawang malakas na pagtalbog)

WAH! (Yakapin ang sanggol at sumandal)



## Orasan ni Lolo

Ang orasan ni lolo, ang sabi

Tik tak, tik tak
(Bahagyang umugoy ng pabalik-balik)

Ang orasan sa kusina, ang sabi

Tik tak tik tak
(Umugoy ng may konting pagbilis)

Ngunit relo ni Inay sa kamay, ang sabi

Teka teka teka

Kiliti!




## Trit Trat

Trit, trat papuntang Boston (Italbog-talbog ang beybi)

Trit, trat papuntang Lynn,

Ingat ka, Beybi

Huwag lalambitin!
(Ipatak ang beybi sa pag-itan ng mga tuhod)

Trit, trat papuntang London
(Italbog-talbog ang beybi)

Trit, trat papuntang Dover

Tingnan mo, Beybi


Huwag mahuhulog sa tabi
(Itagilid ang beybi sa isang tabi)



## Ako ay May Lobo

Ako ay may lobo
Lumipad sa langit
Di ko na nakita
Pumutok na pala

Sayang ang pera ko
Binili ng lobo
Sa pagkain sana
Nabusog pa ako



Ang ilang mga sanggol tulad ng banayad na bounce at iba pa tulad ng malaking bounce; panoorin ang mukha ng iyong sanggol para sa mga pahiwatig.

**Paglalaro sa iba't ibang klase ng hugis** — mga bola, bloke, palaisipan – ay makakatulongsa inyong anak na malaman kung papaano nabubuo ang mga letra.

Ang pag-uulit ay kinakailangan sa pag-aaral. Awitin ang magkakaparehong kanta, basahin ang magkakaparehong aklat at sambitin ang magkakaparehong tugma nang paulit-ulit – magugustuhan ng sanggol ninyo na makilala ang mga paborito ninyo!

# MGA TUGMA AT AWIT

Ang mga awitin ay isang magaling na paraan para matuto ng wika! Hinahayaan ng pag-awit na maunawaan ng mga bata kung papaano nakakaapekto ang mga mumunting tunog sa wika, na tumutulong sa kanila patungo sa pagiging mga mambabasa! Para sa inyong anak, kayo ang may pinakamagandang boses sa mundo. Hindi papansinin ng mga sanggol kung umaawit kayo nang wala sa tono, masaya na sila na ibinabahagi ninyo ang musika sa kanila!

## It - Bulaga

It – bulaga
(Umakto na nanggugulat)


Nakikita kita, nakikita kita
(Ituro ang sarili, pagkatapos ituro ang sanggol)

Nakikita ko maliit na ilong mo
(Hipuin ang ilong)

Nakikita ko

Daliring maliliit ng paa mo
(Hipuin ang mga daliri ng paa)

It – bulaga
(Magmosyon ng nakakagulat)




## Maliliit na Gagamba


Maliliit na gagamba
Umakyat sa sanga
Dumating ang ulan
Itinaboy sila
Sumikat ang araw
Natuyo ang sanga
Maliliit na gagamba
Ay laging masaya



## Paa, Tuhod, Balikat, Ulo

Paa, tuhod, balikat, ulo
Paa, tuhod, balikat, ulo
Paa, tuhod, balikat ulo
Pumadyak tayo at magpalakpakan

(Pindutin ang mga paa sa kamay, Pagkatapos tuhod, balikat at tumuloy, paulit-ulit na 4 na beses.)



**Himukin ang inyong sanggol na ngumawa at 'magsalita'**
Naghahanda siyang magsalita!

**Magsalita bilang 'Magulang'** gamit ang mataas na tono at may kabagalan sa pang-karaniwan ninyong boses

**Kandungin ang inyong sanggol habang nagbabasa para gawing maalwan at puno ng pagmamahal ang oras na ito. Huwag mag-ala-ala kung ang inyong sanggol ay nalilibang lamang sa maikling panahon; ang isang positibong karanasan ay mas mahalaga kaysa sa isang mahaba. Gawin itong masaya!**

# MGA TUGMA AT AWIT

Ilan sa mga unang salita na nalalaman ng isang bata ay ang mga parte ng katawan. Ang mga tugma na nangangailangan ng paghipo sa mga mukha at paggalaw ng mga daliri ay tumutulong sa mga batang matutuhan ang mga salitang nagbibigay sa inyo ng pagkakataong kandungin sila. Gusto ng mga sanggol na hinihipo ang kanilang mga mukha at ang mga tugmang nagpapaala-ala ng mapagmahal na haplos sa katawan ay tumutulong sa mga batang marandaman na sila ay ligtas, minamahal at handang matuto!

## Heto ang Bahay-Pukyutan

Heto ang bahay- pukyutan
(Isuntok ang kamay)

Ngunit nasaan ang mga laywan?

Nakatago sila

Kung saan walang nakakakita

Tingnan at makikita ninyo sila

Lumalabas sa pukyutan

Isa, Dalawa, Tatlo, Apat, Lima
(Ibuka ang mga daliri)

Bzzzzzzzzzzzzzzzzzzzz (Kiliti)




## Ang Munting Bituin

Maliwanag na bituin


Di ka ba nalulungkot

Sa paligid ng dilim

Di ka ba natatakot

Kumapit ka ng mahigpit

Baka ikaw ay mahulog



## Bahay Kubo (Nipa Hut)

Bahay kubo, kahit munti

Ang halaman doon ay sari-sari

Singkamas at talong,

sigarilyas at mani

Kundol, patola, upo't kalabasa

At saka mayroon pang labanos, mustasa,

Sibuyas, kamatis, bawang at luya

Sa paligid-ligid ay puro linga.



## Tatlo Bibe

May tatlong bibe akong nakita

Mataba, mapayat mga bibe

Ngunit ang may pakpak

Sa likod na iisa

Siya ang lider na nagsabi ng

Kwak, kwak, kwak

Tayo na sa ilog ang sabi

Kumindeng ng kumindeng


Ang mga bibe

Ngunit ang may pakpak

Sa likod na iisa,

Siya ang lider na nagsabi ng

Kwak, kwak, kwak



**Dagdagan ng mga halik ang  magkasamang pag-awit at pagbasa.**
Mas natututo ang mga sanggol kapag nararamdaman nilang sila ay ligtas at minamahal.

**Ituro ang mga salita kahit saan sila naroroon** – sa mga pananamit, botelya, mga laruan – saan man at ng sanggol mo sila nakikitang  nakasulat.

> Ang mga sanggol ay nilikha para matuto ng wika. Kausapin ang inyong sanggol sa inyong sariling wika. Ang matutuhan ang inyong sariling wika ay makakatulong sa inyong mga anak na makapagtayo ng matibay na pundasyon para matuto sila ng iba pang mga wika habang sila ay lumalaki.

# MGA TUGMA AT AWIT

**Dagdagan ng mga awit ang pang-araw-araw na gawain para lalo itong maging masaya – mga oras ng pagpapaligo, pagtitiklop ng nilabhan, paghahanda ng hapunan o pagpapalit ng lampin. Ang mga awit at tugma ay  nagpapaginhawa sa mga sanggol (at sa iyo) at maaaring gawing kalibang-libang ang mga oras na mahihirap.**

## A BA KA DA

Tayo na at mag-aral
Ng ating A BA KA DA
A BA KA DA E GA HA I LA MA NA
NG O PA RA SA TA U WA YA
Ang ating A BA KA DA
Kung ito'y alam nyo na
Tayo na at kumanta




**Awitin ang awit ng alpabeto sa iyong sanggol. Nagsisilbi itong mapagpakalmang paghehele at sa huli ay tutulong sa kanyang matutuhan ang kanyang mga letra!**

**Magsalita na parang nakikipag-usap sa inyong sanggol. Kahit hindi ka niya nauunawaan, nalalaman niya na ang pag-uusap ay mahalaga at espesyal.**

## Sa Ugoy ng Duyan

*Sana'y di magmaliw ang dati  kong araw*
*Nang munti pang bata sa piling ni Nanay*
*Nais kong maulit ang awit ni Inang Mahal*
*Awit ng pag-ibig habang ako'y*
*nasa duyan*


*Sa aking pagtulog*
*na labis ang himbing*
*Ang bantay ko'y tala,*
*ang tanod koy's bituin*
*Sa piling ni Nanay*
*langit ang buhay*
*Puso kong may dusa*
*Sabik sa ugoy ng duyan mo, Inay*



## Sampung Mga Daliri

*Sampung mga daliri*
*Kamay at paa*
*Dalawang mata*
*Dalawang taynga*
*Ilong na maganda*

*Maliliit na ngipin*
*Masarap kumain*
*Dilang maliit nagsasabi*
*Huwag kang magsinungaling*



**Ang inyong boses** – kahit ito ay mahina at dumaragondong, o malakas at malambing – **ay ang pinakamagandang tunog para sa inyong  sanggol**.

**Gamitin ang pangalan ng inyong anak sa mga tugma**—magugustuhan niyang marinig ang pangalan niya!

# MGA TUGMA AT AWIT

## Mag-Exercise Tayo Tuwing Umaga

Mag-exercise tayo tuwing umaga, tuwing umaga
Mag-exercise tayo tuwing umaga
Upang katawan natin ay sumigla

At sa gabi, maaga kang matulog
Sa umaga, maaga kang gumising
At agad mag-jogging jogging
Sa plaza mag-tambling-tambling

Ang leeg mo ay ipapaling-paling
Ang baywang mo ipakendeng-kendeng

Ang braso mo nama'y isuntok-suntok sa hangin

Isa, dalawa, tatlo, apat
Lima. Anim, pito, walo
Walo, pito, anim,, lima
Apat, tatlo, dalawa, isa




## Maghanda Tayo

Maghilamos sana, sana
At hugasan pati paa
Suklayin pati buhok
At humanda sa pagpasok



Ang **pag-awit, pagtutugma, pagbabasa** at **pakikipag-usap** sa mga sanggol mula pagsilang ay lumilikha ng isang kapaligirang mayaman sa wika para sa mga bata. Ang paghanap ng masasaya at maaalwang mga paraan para maibahagi ang anim na kasanayan sa Maagang  Pag-aaral araw-araw ay naguudyok sa pag-aaral sa wika. Magbasa, magsalita at gawin sa sarili ninyong paraan ang pagkakaroon ng pang-habambuhay na pagmamahal sa wika.




**Isalaysay ang inyong araw!** Ilarawan kung ano ang inyong ginagawa habang ginagawa ninyo ito.

**Ituro ang mga letra sa mga bagay** sa paligid ng bahay.



# MAAGANG PAG-AARAL

## Papaano tumutulong ang mga tugma sa aking sanggol?

**Isa sa mga benepisyo ng mga tugmang pambata ay tinutulungan ng mga ito ang mga sanggol kung papaano nagtratrabaho ang mga istorya** – Sa ilan lamang mga linya, ang buong malinaw na istorya ay nabubuksan. Tinutulungan din nila ang mga sanggol na marinig ang mga maliliit na tunog sa loob ng mga salita. Dagdag pa dito, ang mga ito ay masaya at magandang dahilan para magkandong!

## Sa mga ano pang paraan ko matutulungan ang aking sanggol?

**Ikaw ang pinakamagaling na guro ng iyong sanggol** at ginugugol mo ang mahabang oras kasama niya. Iniidolo ka ng iyong sanggol at tumitingin siya sa iyo para sa mga palatandaan kung papaano aakto, magsasalita at kikilos. Ang pagbabasa, pagsasalita at paglalaro sa kanya ang mga pinakamabuting paraan para patibayin ang inyong bigkis, maging masaya at maturuan siya. Maraming mga masasayang paraan para matulungan ang inyong sanggol; bisitahin ang **www.epl.ca/readtalkplay** para sa mga bidyu, lista ng mga aklat at iba pang maaalwang tip.

## Gaano kahalaga ang mga Kasanayan sa Maagang Pag-aaral?

**Kinakailangan!** Ipinakikita sa atin ng pananaliksik sa paglago ng utak na ang mga karanasan ng isang bata sa unang tatlong taon ng buhay ay diretsong nakakaapekto sa paglaki at pag-aaral sa bandang huli, kasama na ang pagtatagumpay sa mataas na paaralan. Kaya, maligayang pagbati sa paggamit ng mga tugma at pagbabasa – makakatulong ang mga ito sa inyong sanggol sa bandang huli ng kanilang buhay.

## Papaano makakatulong ang Aklatan?

**Tinutulungan kayo ng EPL na ikintal sa inyong anak ang habang-buhay na pagmamahal sa pagbabasa,** simula sa pagkabata. Ang mga oras sa pag-iistorya para sa mga sanggol, mga batang nagsisimula pa lamang lumakad at mga batang nalalapit nang mag-eskwela, kasama ng ating mga rekomendasyon para sa mga magagandang aklat at gawain, ay makakatulong na mapalago ang kasanayan sa Maagang Pag-aaral na kinakailangan para sa matagumpay at aliw sa pagba-basa sa hinaharap. Bisitahin ang aklatan sa inyong lugar o **www.epl.ca/readtalkplay** para sa karagdagang impormasyon sa mga programa, gamit at iba pang mga mapagkukunan na makakatulong sa inyo sa bahay.

**Ang EPL ay may maraming nakakatuwa at mga maaalwang paraan para matulungan ninyo ang inyong sanggol na makabuo ng mga kasanayan sa Maagang Pag-aaral**. Bisitahin ang sangay ng EPL sa inyong lugar, tumawag sa amin o pumunta sa internet para makita ang mga magagandang programa:

- Oras ng Pagpapatulog sa Sanggol (Baby Laptime)
- Araw ng Pagsalubong sa Sanggol (Baby Welcoming Day)
- Saya Para sa Kaliliitan (Fun for Ones)
- Umawit, Sumenyas, Tumawa at Mag-aral (Sing, Sign, Laugh and Learn)
- Ama at Oras para sa Sanggol (Daddy and Baby Time)
- Mga Oras ng Kwentuhan ng Pamilya (Family Storytimes)

Ito ay ilan lamang sa mga opsyon; ang EPL ay naghahandog ng mahigit sa 6800 libreng programa kada taon. May mga bagay para sa lahat at inaanyayahan kayong dumalo!

**Alam ba ninyo na hindi lamang mga aklat ang laman ng aklatan?** Samantalahin ang napakaraming mga mapagkukunan na makakatulong sa inyo at sa inyong anak, katulad ng:

- Awit
- Mga Aklat para sa Pakikinig
- Pananaliksik
- Mga aklat sa Internet na pangkilusan

Ang aklatan ay makakatulong sa inyo at sa inyong sanggol sa mga buwan at taon pang darating. Bago ninyo malaman, kayo na ang binabasahan ng inyong sanggol.

**Bisitahin ang www.epl.ca/readtalkplay o sangay sa inyong lugar para sa marami pang mga detalye tungkol sa marami at libreng mapagkukunan sa EPL.**